7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 4: Aralin 4 (para sa Ikaapat na Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School – Valenzuela City)

**Tagasuri**

- Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.


**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda***<br>*1 Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa korido (saknong 443-729)*<br>*2 Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa korido.*<br>*3 Nailalarawan ang lunan o tagpuan*<br>*4 Nabibigyan ng katangian ang konteksto ng akda sa panahon ng mga Kastila at sa kasalukuyan.*<br><br>***Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna***<br><br>*1 Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna*<br>*2 Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Ibong Adarna* |
| **C. Nilalaman** | **Obra: Ibong Adarna**<br>Saknong 443-729<br><br>**Tekstong Biswal sa Ibong Adarna** |
| **D. Integrasyon** | • Multikultural na Integrasyon<br>• Pag-iingat sa Kaligtasan |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| “An Empty Signage Made of Wood Vector Image on VectorStock.” *VectorStock*, www.vectorstock.com/royalty-free-vector/an-empty-signage-made-of-wood-vector-1265783.<br><br>Baisa-Julian, Ailene, et al. *Pinagyamang Pluma 7*. Phoenix Publishing House, 2013. Accessed 26 Feb. 2024.<br>“Envelops Vector Image on VectorStock.” *VectorStock*, www.vectorstock.com/royalty-free-vector/envelops-vector-1986499<br><br>*Mga E-Aralin Sa Ibong Adarna*. (2011). Quezon City, C&E Publishing Inc. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-Aral**<br>**1. ISIP-ISIP**<br>Sa nakaraang aralin, nalaman natin ang “moral” o aral, karaniwan hinggil sa kung ano ang tama at nararapat, na nakukuha mula sa isang kuwento,<br>Gawing gabay ang mga letra ng salitang MORAL upang matukoy ang salita sa bawat taludtod na may kaugnayan sa pangyayari sa Ibong Adarna (Saknong 215-442).<br>1. Haring may karamdaman, Gumaling na mainam, Animo **“M”** na napakinggan, Awit na may kapangyarihan.<br>2. Tig-tatatlong “**O**” Magbabantay na totoo, Sa ibong may tono, Sa awit may milagro.<br>3. Matapos na pagtaksilan, Prinsipeng sakdal kabaitan, Adarna’y nilagay naman, Sa “**R**” na hawlang kulungan.<br>4. Si Juan nang makita Adarna’y agad sumigla **“A”** ipinadinig niya, Totoo’y sinambitla.<br>5. Halos panawan ng buhay, Katawang puno ng “**L**”, Palo at suntok ibinigay Pagnanakaw ang pakay. | Kaugnay ito ng nakaraang aralin.<br><br>**Sagot:**<br><br>**1.** Musika<br>**2.** Oras<br>**3.** Rehas<br>**4.** Awit<br>**5.** Lantay |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. KAPARE-WHO**<br>Magbigay ng moral na katangian ng tauhan sa Ibong Adarna na hawig sa iyong sariling katangian.<br>Ituloy ang pangungusap:<br><br>***Si _________ (tauhan) ay KAPARE-WHO ko ng katangian sapagkat pareho kaming __________.***<br><br>Makipagbahaginan ng sagot sa iyong katabi / kapareha. Tumawag ng ilang mag-aaral na magkapareha para magbahagi ng sagot. Ibabahagi ng isa ang sinabi sa kanya ng kanyang kapareha. | Tumawag lamang ng ilang mag-aaral. (2-3 minuto) |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**UGNAY-HINUHA**<br><br>Maghinuha ng mga salitang maiuugnay sa mga sumusunod na larawan. Gamiting gabay ang mga tanong sa ibaba sa pagbibigay ng mga salitang maaaring mahinuha.<br><br>a. palengke<br>b. libingan/sementeryo<br>c. simbahan /pook sambahan<br><br>1. Ano-anong bagay ang makikita sa lugar?<br>2. Ano-ano ang karaniwang ginagawa sa lugar?<br>3. Sino-sino ang mga taong madalas pumupunta sa lugar?<br>4. Ano ang mararapat na ugaliin sa lugar?<br><br>**2. TALAS-SALITA** - Tukuyin ang kasing kahulugan ng salitang nakasulat nang madiin sa loob ng pangungusap.<br><br>1. Mabiling-mabili ang **balsamo** na pabangong nakukuha mula sa iba't ibang punongkahoy sa ating bansa.<br>2. Biglang **naihugos** ang mabigat na kahong nakabitin sa kisame ng gusali nang naibaba ito nang biglaan. | Maaaring ibahin ng guro ang mga lugar na gagamitin sa gawaing ito batay sa lokalidad ng mga mag-aaral.<br><br>Maaaring gamitin sa sariling pangungusap ang mga salita.<br><br>**Sagot:**<br>1. pabango |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Pinayuhan ang maninisid na **itangtang** ang tali sakaling may panganib sa laot, kaya di nakapagtatakang hinila nang biglaan ang lubid.<br>4. **Nanggilalas** ang mga hurado sa husay ng kanyang pagpipinta kaya naman di nakapagtatakang marami ang namangha sa kanya.<br>5. Makamandag na **serpiyente** ang ahas na tumuklaw sa mangangasong kilala sa paghuli ng mga mababangis na hayop. | 2. naibaba<br>3. hinila<br>4. namangha<br>5. ahas |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Ibong Adarna (Saknong 443-729)**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**LINANG BASA -** Ipabasa sa mga mag-aaral ang buod ng Ibong Adarna (Saknong 443-729). Ikahon ang mga mahahalagang pangyayari.<br><br>*(Tingnan sa pahina 1-3 ng Sagutang Papel ang babasahin)*<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**PIC-STORYA** - Hahatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng mga larawan na kailangan nilang unawain kung anong pangyayari ang ipinapakita nito. Isasaayos nila ito sa kung ano ang panimula, gitna at pangwakas na pangyayari.<br><br>Isasalaysay ng bawat pangkat ang mga mahahalagang pangyayari sa harap ng klase.<br><br>Pangkat 1: Sa Bundok ng Armenya – Sa Loob ng Mahiwagang Balon<br>Pangkat 2: Si Donya Juana - Ang Serpiyente<br>Pangkat 3: Muling Pagtataksil – Hiling ng Prinsesa<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**SURING KORIDO** – Para sa bahaging ito, may tatlong magkakaugnay na gawain ang kailangang maisagawa ang mag-aaral.<br><br>**A. SURING LUGAR**<br>Itala ang mga tagpuan sa bawat bahagi ng araling ito sa Ibong Adarna. Papaano naapektuhan ng kalagayan o katangian ng lugar ang mga tauhan? | Ipabasa na ng guro ang Saknong 443-729 bago ang pagkaklase.<br>Ang Worksheet Blg.1 ay pansuporta sakaling hindi nagbasa ng mga itinakdang mga saknong ang mga mag-aaral. Ibinuod na ito bilang suporta sa guro at sa mga mag-aaral.<br><br>Maaari din na ipagawa na ang Worksheet Blg.1 bilang<br><br>Takdang Gawain bago ang araw ng klase.<br><br>Kung mabibigyan ng sipi ang bawat mag-aaral, maaaring ikahon ang mga mahahalagang pangyayari sa bawat bahagi. |

| Tagpuan | Paglalarawan | Epekto sa Tauhan |
|---|---|---|
| *Hal. Bundok ng Armenya* | *Payapa at mayamang kalikasan* | *Nagpasya ang magkakapatid na prinsipe na doon na lamang manirahan at iwan ang kanilang tungkulin bilang mga prinsipe ng Berbanya.* |


**B. SURING PANAHON**

Sagutin:

Ano ang ipinapakitang kalagayan ng lipunan o kultura sa mga sumusunod?

*(Tingnan sa pahina 9 ng Sagutang Papel)*

Pumili sa mga pangyayari sa ibaba. Isulat sa loob ng sobre ang ibig ipahiwatig ng manunulat sa mambabasa batay sa mga pangyayari. Pagsasama-samahin ito ng guro sa isang kahon, mula dito ay bubunot ang mga mag-aaral upang basahin ang sagot ng kanilang mga kaklase.




https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/envelops-vector-1986499

a. Pagtatagumpay ni Don Juan na bumaba sa ilalim ng mahiwagang balon
b. Pagtataksil muli nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan
c. Magalang na pakikitungo ni Don Juan sa dalawang prinsesa
d. Pakikipaglaban ni Don Juan sa higante/serpiyente na bumihag sa mga prinsesa

e. Pananalangin ni Don Juan sa gitna ng gipit na sitwasyon sa labanan

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Tekstong Biswal Kaugnay ng Ibong Adarna**

**Pagproseso ng Pag-unawa - Pagbuo ng Tekstong Biswal**

**LIKHANG POSTER** - Gumuhit ng poster/slogan sa isang short bond paper gamit ang mga sumusunod na gabay na panuto.
Balikan ang mga saknong sa akdang Ibong Adarna sa bahaging ito ng aralin. Isa-isahin ng mga mag-aaral sa klase ang paglalarawan sa kabundukan ng Armenya at sa mahiwagang balon.
Ang paksa ng poster ay "Ang Dalawang Tagpuan sa Bundok ng Armenya." Ipakita dito ang paghahambing ng lugar sa itaas at sa ilalim ng balon. Gamitin ang layout na nasa ibaba. Kulayan ang poster.

*(Tingnan sa pahina 12 ng Sagutang Papel)*

**Pinatnubayang Pagsasanay - SURING-POSTER**

a. Sariling Pagtataya - Suriin ang likhang poster gamit ang mga gabay na tanong gamit ang rubriks sa talahanayan. Lagyan ng tsek ang kahon.

| | **Di-Gaano** | **Mainam** | **Mahusay** |
|---|---|---|---|
| 1.Angkop / maayos ba ang mga kulay na ginamit sa poster? | | | |
| 2.Balanse bang nailagay ang mga larawan/simbolo? | | | |
| 3.Malinaw bang naipakita ang ideya o paksa ng poster? | | | |
| 4.Angkop ba ang laki at hugis ng mga larawang iginuhit? | | | |

Tunghayan ang mga worksheet Blg.2.
Sagot:

**Pangkat 1:**
Larawan A. - 1
Larawan B. - 3
Larawan C. - 5
Larawan D. - 4
Larawan E. - 2

**Pangkat 2:**
Larawan A. - 2
Larawan B. - 1
Larawan C. - 5
Larawan D. - 4
Larawan E. - 3

**Pangkat 3:**
Larawan A. - 3
Larawan B. - 5
Larawan C. - 1
Larawan D. - 2
Larawan E. - 4

Kung walang mga larawan, isulat na lamang ng guro sa meta cards ang mga pangyayari na isasaayos ng mga mag-aaral ayon sa wastong pagkakasunud-sunod.

| | | |
|---|---|---|
| | b. Pagtataya ng Kaklase- Magpalitan ng likhang poster, gamit ang kaparehong talahanayan, bigyan ng pagtataya ang likha ng kaklase. Magbigay ng komento kung ano ang naibigan sa likhang poster ng kaklase.<br><br>c. Sagutin: Anong ng mensaheng nais ituro ng awtor sa mga mambabasa sa pagpapakita niya sa mga mambabasa ng dalawang mukha ng Bundok ng Armenya?<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**LIGTAS ANG MAY ALAM!**<br><br>Ipinakikita ng pagsasanay sa tekstong biswal ang ideyang; "Gaano man kapayapa at kaganda ang isang lugar, mahalagang palaging maging miingat upang makaiwas sa kapahamakan."<br><br>Kung bibigyan ka pagkakataong maglagay ng mga babala *(signage)* sa dalawang mga lugar, ano kaya ang isusulat mo?<br><br>Ilang Halimbawa: Puno ay Palaguin, Huwag Putulin.<br>Balon ay Malalim, Huwag Tangkaing Lusungin. | Para sa **SURING KORIDO,** Tunghayan ang mga worksheet Blg.3.<br><br>Para sa SURING PANAHON, maaaring magdagdag pa ang guro o tanungin ang mga mag-aaral kung may iba pa silang pangyayari na ibig suriin.<br><br>Para sa SURING AWTOR, Maaaring gumamit ng karaniwang sobre kung di naiprint ang worksheet.<br><br>Maaaring ipagawa na ang poster bilang takdang gawain bago ang araw ng klase. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**IMPLUWENSIYADO!**<br>Sagutin: Papaano naiimpluwensiyahan ng lugar (tagpuan) at panahon (kalagayang panlipunan kung kailan isinulat) ang mga pangyayari sa akda? Ipaliwanag ang sagot sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa lima (5).<br><br>**"Naiimpluwensiyahan ng Tagpuan at Panahon ang mga Pangyayari sa Akda"**<br><br>*Paliwanag:* ______________________________________________<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto** | Ipaalala sa mga mag-aaral na maging maikli at tiyak lamang sa pagsagot sa gawaing ito.<br><br>Sa pagbuo ng saknong, tandaan na ito ay malayang tula kaya ayos lamang kung walang sukat at tugma.<br><br>Mahalagang mabigyang-diin ng guro sa mga mag-aaral na hindi wasto ang nagging gawi ni Don |

| | | |
|---|---|---|
| | **DUGTONG TULA -** Kumpletuhin ang saknong ng tula kaugnay ng aralin sa bahaging ito ng Ibong Adarna.<br>*(Tingnan sa pahina 14 ng Sagutang Papel)*<br>**3. Usapang GAD (Gender and Development)**<br>*(Tingnan sa pahina 14-15 ng Sagutang Papel)* | Juan na manligaw sa iba't ibang babae nang sabay-sabay. Sa panahon ng mga Kastila, wala pa ang konsepto ng gender-equality at umiiral ang lipunang patriyarkal.<br><br>Ngunit sa kasalukuyang panahon, mahalagang maipaliwanag ang pagrespeto sa kababaihan at ang pagiging seryoso sa usapin sa pag-ibig.<br><br>At dahil grade 7 pa lang ang mga bata, ang pinakamahalaga ay ang pagtutuon muna ng pansin sa pag-aaral. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit - MAUNAWANG PAGBASA** - Tukuyin ang letra ng sagot.<br><br>*1. Malangaw ang lansangan,*<br>*Nangagkalat ang basurahan,*<br>*Bawat pasilyo na daanan,*<br>*May amoy ng kabulukan.*<br><br>1. Ano ang tagpuan batay sa paglalarawan ng saknong?<br>a. pangunahing kalye<br>b. parkeng pasyalan<br>c. lugar ng tambakan<br>d. pabrika ng bakal | Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral na sumagot.<br>Mahalaga na matalakay ng guro ang pagsasanay na ito lalo na ang mga wastong sagot.<br>Bakit iyon ang sagot?<br>Ano ba ang itinatanong?<br>Ano-ano ang mga susing salita sa tanong na kailangang maunawaan?<br>Bakit mali ang iba pang pagpipilian?<br><br>**Sagot:** |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Anong kalagayan ang ipinapakita ng saknong sa bilang 1?<br>a. Isang lipunang walang disiplina ang mga mamamayan.<br>b. Matindi ang suliranin sa trapiko sa nasabing lugar.<br>c. Abala ang mga tao sa kani-kanilang hanapbuhay.<br>d. May darating na epidemya sa kanilang lugar.<br><br>3. Anong mensahe ang nais iparating ng sumulat ng saknong sa babasa nito?<br>a. Mag-ingat na dumaan sa lugar upang malayo sa disgrasiya.<br>b. Sinisisi niya ang mga taong mapagpabaya sa lugar na kanyang inilarawan.<br>c. Bawat isa ay may tungkuling kumilos at linisin ang pamayanan.<br>d. Pangunahan ng lider ng pamayanan ang pag-abot sa nangangailangan.<br><br>4. Anong kaisipan ang HINDI maiuugnay sa bahaging ito ng Ibong Adarna?<br>a. Maging handang ipagtanggol ang mahal sa buhay.<br>b. Ang pananalig sa Diyos ay susi upang magtagumpay.<br>c. Labanan ang takot upang magwagi sa anumang pakikipaglaban.<br>d. Maging mapagmahal sa ating mga magulang anuman ang kanilang kalagayan.<br><br>5. Papaano naiimpluwensiyahan ng tagpuan ang mga pangyayari sa akda?<br>a. Nagbabago ang lugar depende sa pag-uugali ng mga tauhan.<br>b. Ang reaksyon ang tauhan ay nakadepende rin sa uri ng lugar kung saan siya naroroon.<br>c. Hindi mainam na suriin ang lugar at kaugnayan nito sa pangyayari sa akda.<br>d. May mga pangyayari sa akda na di nangyayari batay na rin sa kagustuhan ng tauhan.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**DYORNAL KAY JUAN –** Sa isang malinis na papel, bumuo ng mensahe para kay Don Juan sa tagpong ito ng Ibong Adarna. Maaaring ipost ang mensaheng ito sa isang *Freedom Wall* na ididikit sa dingding ng klase sa susunod na araw.<br><br>*Kaibigang Don Juan,*<br>____________________________________________ | 1. c<br>2. a<br>3. c<br>4. d<br>5. b<br><br>Mahalaga na mailahad ng mag-aaral ang kanyang damdamin sa tagpong ito ng korido, gayunidn, maihanda sila sa mga paksang tatalakayin sa susunod na mga bahagi ng Ibong Adarna.<br><br>Ito ay bahagi na rin ng kanilang Socio-Emotional Learning (SEL). |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Nagmamahal mong kaibigan,*<br>*Pangalan ng Mag-aaral* | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |